

5. Kapag nahihirapan sa pamumuhay (せいかつ こま (生活に困ったとき))

【Tulong sa pamumuhay (Seikatsu hogo)】 (せいかつ ほご (生活保護))

Kapag dahil sa sakit, pinsala, atbp, nawalan ng kita, nahihirapan sa pamumuhay, hindi mabayaran ang singil ng ospital, hindi makapamuhay na walang tulong mula sa iba't ibang sistema ng tulong o mula sa mga kamag-anak, makakatanggap ng pera para sa pamumuhay at para sa medikal na gastos.

Katanungan Public Assistance Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

【Pagpahiram ng pera para sa pamumuhay】 (せいかつしきん などの かしつけ (生活資金などの貸付))

Kapag pansamantalang nahihirapan sa pamumuhay ang isang pamilya na mababa ang kita, maaaring humiram ng pera upang maisaayos ang pamumuhay.

May mga kondisyon at imbistigasyon upang makahiram.

Katanungan Social Welfare Council ☎072-222-7666 FAX072-221-7409

【Konsultasyon para sa mga bumalik mula sa Tsina】 (ちゅうごくきこくしゅうそご (中国帰国者相談))

Upang masanay agad sa pamumuhay sa bansang Hapon at makapamuhay ng matiwasa ang mga taong bumalik dito mula sa Tsina, nagkaroon ng silid para sa konsultasyon ng mga taong bumalik mula sa Tsina para sila ay makapagkonsulta tungkol sa kanilang mga problema, problema sa pamumuhay, problema sa wika, atbp.

Katanungan Public Assistance Management Division ☎072-228-7412 FAX072-228-7853